

# 1

Patuloy ang masaganang pagdaloy ng luha ni Kaye habang tinitingnan niya sa side mirror ang mansion ng kanyang lolo. Nasa kotse na siya nang mga sandaling iyon matapos mag-walk out sa study hindi pa man natatapos basahin ni Atty. Frank Santillan ang last will and testament ni Don Felipe Juan De Jenarez, ang bilyonaryo niyang abuelo—pakialamerong abuelo rather.

All her life she had conformed to his wishes. Lahat ng desisyon niya, hinayaan niyang panghimasukan nito. Ang eskuwelahang papasukan niya, ang kursong kukunin niya, ang mga tipo ng lalaking manliligaw sa kanya—lahat, kailangan aprubado nito. At nagising na lamang siya isang umaga na hindi na siya ang may kontrol sa buhay niya.

Still, she didn't mind. Nakikita niya namang napapabuti siya kahit minamanipula na nito maging ang personal niyang buhay. At hindi niya akalaing hanggang sa huling sandali ay may iniwan pa rin itong kautusang kailangan niyang sundin—kung hindi ay malaki ang mawawala sa kanya.

Wala siyang pakialam sa yaman, ang isla lamang

ang mahalaga sa kanya.

“How I hate you, Old Man...” usal niya habang tinutuyo ang basa niyang mukha. Nasasabi niya lamang iyon dahil talagang sukdulan na ang ginawa nito. But deep within her, she loved him. Yes, despite everything.

Ang abuelo na ang naging tanging pamilya ni Kaye mula noong sampung taong gulang pa lamang siya at mamatay sa plane crash ang mama niya—ang nag-iisang anak nito. Ang kanyang ama ay hindi na niya nakilala pa. Ayon sa don ay patay na rin daw ito.

She grew up being his princess. He had given her everything—even unwanted luxuries. Hindi rin ito nagkulang ng aruga at pagkalinga sa kanya, kaya labis ang respeto at pagmamahal niya sa abuelo. Bilang ganti, sinusunod niya lahat ng ipinapagawa nito nang walang anumang reklamo.

Years passed, she graduated with a degree in Hotel And Restaurant Management, kursong pinili rin ng lolo niya. Isang buwan lamang pagkatapos ng kanyang graduation ay may trabaho nang naghihintay sa kanya sa isang kilalang hotel sa Macau. Hindi niya tinanggap ang alok dahil nais niyang dito sa Pilipinas gamitin ang kanyang nalalaman at ayaw niya ring iwan ang matanda.

## *One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

Punong-puno siya ng kumpiyansa sa sarili nang mag-apply siya sa mga kilalang hotels at restaurants sa bansa. Gusto niyang patunayan sa sarili na magagawa niyang umangat sa sarili niyang kakayahan hindi dahil apo siya ng isang bilyonaryo, kaya hindi niya piniling pumasok sa kompanya nito.

Pero sunod-sunod na rejections ang natanggap ni Kaye. Lahat ng hotels at restaurants na sinubukan niyang pasukin ay hindi siya tinatanggap. Halos pare-pareho lamang ang dahilan ng mga ito, may natanggap nang iba. Hindi siya naniwala dahil confident siya sa kanyang credentials; may kutob siyang may taong nasa likod ng lahat. Hindi nga siya nagkamali, ang impluwensya ng lolo niya ang dahilan.

Matapos malaman ang lahat ay umiiyak niyang kinausap nang masinsinan ang abuelo. Doon niya nalaman na ang nais pala nito ay hasain siya bilang kapalit nito sa hinaharap. Hindi niya pinangarap maging business magnate, simpleng buhay lamang ang nais ni Kaye. Iyong walang masyadong pressures at sakit ng ulo.

Pero si Don Felipe Juan pa rin ang nasunod. Nang sumunod na mga buwan ay nakita na lamang niya ang sarili na nag-aaral sa isang culinary school sa

Europe. At pagbalik niya ng Pilipinas na isa na siyang chef, ang abuelo naman ang naging final instructor niya—ng actual lessons tungkol sa emperyo nito na nahahati sa real estate at food investments.

Ang *DJ Foods*, isang kilalang restaurant sa Pilipinas na may franchise sa iba't ibang bansa sa Asya, Europa at South America at ang *DJ Estates*, na nasa likod ng nangungunang residential subdivisions at condominium properties sa bansa.

Pagkalipas ng dalawang taon, marahil sa tingin ni Don Felipe ay handa na siya sa lahat kaya nagawa na nito ang 'silent exit' na madalas nitong sabihin sa kanya noon. Ayon dito, kapag dumating na ang oras na iiwan siya nito sa mundo, gagawin nito iyon nang tahimik. Nangyari nga ang sinabi nito nang matagpuan niya itong wala nang buhay sa silid nito isang umaga. Noong una, inakala niyang natutulog lamang ito. But when she touched him, there was no sign of life. Inatake ito sa puso habang natutulog. Humagulhol na lamang si Kaye at mahigpit itong niyapos.

Four days later, dumating sa mansion ang trusted lawyer nito upang basahin sa kanya ang last will and testament ng kanyang abuelo. Sa umpisa pa lamang ng basahan ay kinabahan na siya. Inaasahan na

niyang kahit wala na ang abuelo ay may iniwan pa rin itong instructions na kailangan niyang sundin.

Nakahinga siya nang maluwag nang halos patapos na nitong basahin ang will ay wala naman siyang narinig na hindi kanais-nais. Half of the De Jenarez wealth was hers legally, bilang mana niya sa yumao niyang ina. At ang kalahati na nananatiling pag-aari ng abuelo ay iniwan din nito sa pangalan niya liban sa ilang porsyento na para sa pinagkakatiwalaan nitong manggagawa at sa paborito nitong mga charity institutions.

“So, that was all, Tito?” aniya sa kausap na para na rin niyang ama. Binata pa lamang ito ay abogado na ng lolo niya.

“Diamond Kaye,” mababa nitong usal sa buo niyang pangalan.

“Correction, Kaye, Tito.” Hindi niya gustong tinatawag siyang ‘Diamond’ dahil pakiramdam niya, bato siya at hindi tao.

“Hindi pa tapos. There is an attached addendum.”

“Adden—what?” bulalas niya at napatayo mula sa silya. Nanlalaki ang mga mata niyang nakatitig sa abogado. Kumabog nang husto ang dibdib niya. May kutob siyang hindi niya magugustuhan ang mga

susunod niyang maririnig. “You... you mean there’s an attached stipulation?” Gusto niyang manghina.

“Yes. Half of the entire De Jenarez wealth is legally yours, hindi iyon maaaring galawin ni Don Felipe. Pero ang kalahati, hija, ay maaaring mawala sa ’yo kung hindi mo susundin ang nilalaman ng—”

“No!”

“Makakabuting pakinggan mo ang babasahin ko, Kaye.” Wala siyang nagawa kundi pakinggan ang abogado. Pero mas masama pa kaysa sa inaasahan niya ang nakapaloob sa stipulation. Kailangan niyang magpakasal sa loob ng isang buwan o mawawala sa kanya ang kalahati ng kabuuan niyang mana!

“Not the *Diamond Island*...” nanlulumong usal niya at nanghihinang napahawak sa mesa. Kasama sa mga properties na mawawala sa kanya ang binanggit niyang isla na matatagpuan sa Mindoro. “No...” Nagsimula nang pumatak ang luha niya.

She could afford to lose all her inheritance but *not* the island! That place held so much happy memories. Doon niya halos ginugol ang kabataan niya kasama ang kanyang ina at abuelo. Binili iyon ni Don Felipe sa mismong araw na isinilang siya. At ang islang iyon ang saksi sa mga paglalaro nilang

mag-ina... sa pamamangka at pamimingwit nila ng don, sa paggawa niya ng mga kastilyong buhangin...

“No, Tito...” Nagsunod-sunod na ang patak ng luha niya. “Hindi maaaring mawala sa akin ang islang sa akin mismo ipinangalan ni Mama. *Akin* ang islang ‘yon and no NGO can claim it!” she cried. Iyon ang nakapaloob sa stipulation sakaling hindi niya nagawa ang nais ng lolo. At ang iba pang natitirang ari-arian ay may kani-kanyang magmamana kapag hindi niya nagawa ang kondisyong nasa testamento.

“Kung ganoon, kailangan mong gawin ang nakapaloob sa—”

“How I hate his damn manipulation!” Alam ni Don Felipe na hindi niya hahayaang mawala ang isla kaya marahil iyon ang ginamit nito para mapasunod siya sa nais nitong mangyari. Ipakakasal siya sa isang estranghero na kahit anino ay hindi pa niya nakikita.

“Kaye, hija...”

Hindi na niya naintindihan pa ang mga sumunod nitong binasa. Maging nang banggitin nito ang pangalan ng estranghero na kailangan niyang pakasalan ay bahagya na lamang niyang narinig. Hindi na nag-sink in sa kanya. Umiiyak na tumakbo siya palabas ng study upang iwan ang abogado... at

lahat ng kalokohang narinig niya.

Kung sana nga isang kalokohan lamang ang lahat....

---

“Kaye?” Magkahalong ekspresyon ng pagtataka at pag-aalala ang mababakas sa mukha ni Warren nang makita siya. Dahil wala na siyang alam na pupuntahan at wala naman siyang nobyo sa kasalukuyan, nagtungo siya sa bahay nito. Tulad niya, chef din ito at nagkakilala sila sa Europe.

Pinuntahan niya ang lalaki para may makausap. Pakiramdam niya kasi ay sasabog na ang utak niya dahil sa nalaman mula kay Atty. Santillan. Gulong-gulo siya. Hindi niya gustong magpakasal sa kung sinumang Poncio Pilato na iyon, pero hindi rin niya gustong mawala sa kanya ang isla.

“May kasama ka ba?” tanong niya, babae ang tinutukoy niya.

“Wala. Tuloy ka. Ano’ng nangyari sa ’yo?”

“I’m in a damn trouble.”

“I guess so. Parang isang linggo kang umiyak nang walang tigil, ah.” Hinila na siya nito papasok sa bakuran. Nang sumunod na mga sandali ay



natagpuan niya ang sariling naglalahad ng saloobin dito. Nanatiling nakikinig lamang si Warren, hindi ito nagsalita ng kahit ano.

“Ano’ng plano mo?” anito pagkalipas ng mahabang katahimikan matapos ang paglalahad niya.

“Kaya nga ikaw ang naisip kong puntahan, eh. Ikaw ang pinaka-sensible sa mga kaibigan ko. Any advice?”

Napabuntong hininga ito. “Given the De Jenarez wealth, magagawa mong bumili kahit isang daang isla, Kaye,” anito at tumabi sa kanya sa malambot na sofa. Hinagod-hagod nito ang likod niya. “Samantalang kung magpapakasal ka sa lalaking ni dulo ng buhok ay hindi mo pa nakikita, nakataya ang panghabambuhay mong kaligayahan.”

“Yeah. At ayon sa stipulation, no annulment to follow. At kailangan rin naming magsama sa isang bubong sa loob ng apat na taon. When I turned thirty, saka pa lamang ako maaaring mag-file ng annulment.”

“Talagang gusto ni Lolo ang lalaking iyon. Who is he, anyway?”

“Anak raw ng best friend niya—best friend na minsang nagligtas ng buhay niya noong kabataan

nila at nasa giyera sila. Former US soldier si Lolo. Minsan na niyang naikuwento sa akin ‘yon noong bata pa ako. After the war, nagpasya silang umuwi ng Pilipinas, ang negosyo na ng kanya-kanyang pamilya ang hinarap nila hanggang nakamit nila ang yaman at impluwensyang hangad nilang pareho. Napagkasunduan daw nila noong mga binata pa sila na para hindi maputol ang kanilang ugnayan, ipakakasal nila ang kanilang anak sa hinaharap. Ayon kay Lolo noon, rebelde at spoiled raw si Mama, hindi niya alam na may boyfriend na pala ito. And soon, she carried me in her womb.”

“Kaya hindi natuloy ang matandang kasunduan sa first generation?”

“Yeah, I guess. Pero wala nang nabanggit pa si Lolo tungkol doon. Akala ko, hindi na aabot pa sa akin ang kasunduang sinasabi niya. God! Magpapakasal ako sa isang lalaking ni hindi ko kilala, Warren! This is pure insanity!” At namamasa ang mga matang tumawa siya nang mapakla. “But that stranger cost half of Grandpa’s empire!” Tumulong muli ang luha niya. “At kasama na roon ang *Diamond Island* na alam kong alam ni Lolo na hindi ko hahayaang mapunta sa iba...”

Nakakaunawang kinabig siya ni Warren nang

lalo siyang umiyak.

“You still have weeks to think, right?”

“Yeah...”

“I’ll suggest two things. Magagawa mo bang iwan ang mga negosyo ng lolo mo?”

“Alam ni Tito Frank ang dapat gawin habang wala ako.”

“Good. Give yourself two weeks to forget all these. Unwind, go somewhere else—to places you’ve never been before. Gawin mo lahat ng gusto mong gawin. Be free.”

“Then after two weeks?”

“Bumalik ka at harapin ang lahat ng ito. Talk to Atty. Santillan, tell him to check the man. Pagbalik mo, basahin mo ang investigator’s report tungkol sa kanya, then meet him. Kilalanin mo ang lalaking ‘yon. Kung saka-sakaling magpapakasal ka dahil hindi mo kayang mawala ang kalahati ng mana mo—o mas tamang sabihing ang isla lang, marry him, tatal naman, nagawa mo na ang lahat ng gusto mong gawin sa loob ng dalawang linggong ibibigay mo sa sarili mo.”

Napatitig si Kaye sa kaibigan at napaisip. Then

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

slowly, a smile appeared on her lips. Niyapos niya ito. “Paano na lang ako kung wala ka?”

He pinched her nose. “Hindi ako mawawala sa ’yo kaya paano mo malalaman?” At hinigpitan ni Warren ang yapos sa kanya. Ang uri ng yakap ng isang kuya sa nakababata nitong kapatid.

“Bakit ba hindi na lang naging ikaw ang apo ng best friend ni Lolo?”

Ang lakas ng naging pagtawa nito.

## 2

Halos ibagsak ni Ranz ang malaking katawan sa malapad na kama. Ipinikit niya nang mariin ang mga mata at mabigat na napabuntong-hininga. Nang nagmulat siya at tumambad sa kanya ang kisame kung saan nakaguhit ang magagandang ulap at ang asul na dagat, muli siyang napabunot ng hininga.

Ang seashore view sa kisame sa silid niya ay ipinaguhit pa niya sa kaibigan niyang artist na nakilala niya sa beach na isa sa mga tourist spots sa Sorsogon. Nasa kabilang bahagi lamang ng isla ang nabili niyang resort, ilang taon na ang lumipas. Ang view sa kanyang kisame ay ginaya lamang sa larawang kuha niya sa resort.

Pakiramdam niya ay nawawala ang pagod niya kapag nakakitig siya sa view na iyon. Subalit ngayon, pakiramdam niya ay lalo lamang dumagdag ang payapang larawan ng karagatan sa emptiness na nararamdaman niya. He suddenly felt old and tired. And he realized just now his life was damn boring.

Kagagaling lamang niya sa isang high school reunion ng batch niya. At doon, muli niyang nakita ang halos lahat ng mga kaklase niya pagkatapos ng

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

labing-limang taon. Mahigit kalahati ng mga kaklase niya ay matagumpay sa larangang pinili. Ang iba naman ay hindi pinalad na magtagumpay financially, pero masaya naman sa mga piniling landas.

One thing he noticed, halos lahat ay may pamilya na. Ang ilan ay may mga anak na. May mga ikinasal lamang at ang mga natitirang hindi pa nagsi-settle down ay kasama naman ang mga nobyo at nobya—meaning, may mga maganda at seryosong relasyon ang mga ito.

And pity on him, he was the only one who came without a companion!

Suddenly, Ranz felt he was unlucky. Everyone seemed happy and contented with their lives and careers while he—just realized despite his success, his life was meaningless and boring. And he realized too, he wasn't even happy.

Muli siyang napabunot ng paghinga. Ang mga nakalipas na taon sa buhay niya ay ginugol niya sa pag-aaral sa States. At twenty-one, he was an IT specialist. At twenty-two he had his first million peso bank account. At twenty-four, he finished a degree in business; at twenty-five, he owned a beautiful resort in Sorsogon; at twenty-six, he was elected as the corporation's president and now at twenty nine, he

was unhappy and bored—he felt worthless.

All right, he possessed the wealth any man would die for, the charm that made even the goddesses swoon—but what else? He had no serious relationship and he was getting old. Ang mga babaeng dumaan sa buhay ni Ranz—na hindi na niya mabilang ay pulos panandaliang affair lamang—didn't even last a month! Hindi siya naghahanap, babae ang lumalapit sa kanya at ibinibigay ang gustong makuha ng mga babaeng iyon mula sa kanya. Expensive gifts and pleasure, nothing else.

Napapitlag siya sa call alert ng kanyang cell phone. Padarag niyang inabot iyon. Kung babae na naman ang tumatawag ay papatayin na lamang niya ang aparato. Salamat na lamang at ang pinsan niyang dentista ang tumatawag.

“Ian,” aniya ng tanggapin ang tawag. Hindi pinsan niya ang nasa kabilang linya kundi ang asawa nitong si Fatima.

“Ranz, hayun ang pinsan mo, tsine-check ang ngipin ni Trish,” anang babae sa masayang tono. Hindi niya maiwasang balikan sa isip ang naging pakiramdam niya sa asawa ng kanyang pinsan nang una niya itong makita sa family reunion sa probinsya ng kanyang Lolo Alfonse. She was innocent and

refreshing. Like a new bloomed white rose, unstained. Hindi niya naiwasang mainggit kay Ian na nakatagpo ito ng ganoong klase ng babae. At may magandang kuwento ang pag-ibig ng dalawa na nang sumunod na mga buwan na lamang niya nalaman.

“Timmy, hi! What’s up?”

“Inutusan ako ni Ian na tawagan ka para i-confirm kung pupunta ka sa reunion. Sa makalawa na iyon, di ba?”

Natahimik siya. Iyon ang isa pang problema. Natitiyak niyang sa kanya na naman matutuon ang mga mata ng buong angkan. Mula kasi nang biglaang magpakasal si Ian ay tatlo na lamang silang binatang naiwan. Nang sumunod na reunion, umuwi ang isa sa mga binata niyang pinsan kasama ang asawa nito. At noong isang taon lamang, nagpakasal na rin ang isa. At ang huling nasa listahan kasama niya ay magdadala na rin ng fiancée sa reunion at siya— he just broke off with his recent girl—ibig sabihin, darating siyang mag-isa na naman!

“Ranz?” ani Fatima na nagtaka marahil sa katahimikan.

“Of course I’m coming, Timmy. Hindi ko matitiis si Lolo.”



“Okay!” galak nitong sabi. “May ipinasasabi rin pala si Ian.”

“What?”

“Kailangan mo raw magdala ng girlfriend kung ayaw mong ipakasal ka ni Lolo sa babaeng napili niya para sa 'yo!”

“What!” bulalas niya at napabalikwas ng bangon.

“Naalala mo, lumuwas ng Maynila si Lolo?”

“Yeah. He attended a friend's wake, why?”

“Sa amin siya tumuloy pagkatapos. Nag-usap sila ni Ian. Nabalitaan na pala niyang uuwi si Manny kasama ang fiancée nito. Ikaw na lang daw ang binata sa pamilya kaya naisipan na niyang ihanap ka ng partner. Kasal na agad ang pinaplano niya, Ranz, kasal mo sa babaeng napipisil niyang maging bahagi ng pamilya!”

“That couldn't be true, Timmy!”

Gusto niyang pagpawisan nang malamig. Kung kay Ian nanggaling ang impormasyon ay walang dudang seryoso si Lolo Alfonc dahil ang pinsan niyang iyon ang una nitong pinagsasabihan lagi ng mga sekretong plano nito. Alam kasi nitong mananatiling kay Ian na lamang ang impormasyon.

Pero dahil sa magpipinsan ay sila ni Ian ang pinakamalapit sa isa't isa, hindi marahil nito natiis na hindi iparating sa kanya ang nalaman. Alam niyang ito ang kahuli-hulihang tao sa mundo na magnanais ng miserableng buhay para sa kanya kahit pa living witness ito ng mga pambababae niya.

At si Lolo Alfonse, sa laki ng pagmamahal niya rito, idagdag pa ang mga nagawa nito sa pamilya nila—sakaling hilingin nito iyon ay hindi niya ito kayang tanggihan.

“What she said was true, Ranz,” narinig niyang si Ian na ang nasa kabilang linya. “And it’s a lucky day for you,” patuloy nito kasunod ang nakalolokong tawa. “Uuwi si Manny with his fiancée. Ikaw ang natitirang choice ni Lolo sa match-making game niya!”

“Katapusan na ng maliligayang araw ni Ranz!” boses ni Fatima sa background. Her husband chuckled.

“You can bring an actress,” anang pinsan, “para umarteng girlfriend mo. But be sure na hindi ka mabubuking ni Lolo o ng sinumang kasapi ng puwersa niya.” Ang tinutukoy nito ay ang mga kamag-anak nilang nagnanais makitang mag-asawa na siya. “Or else sa Cagbacong ka maikakasal, pinsan!” tumatawang patuloy nito.

“The old man hates being fooled, you know it. Kaya kung magbabayad ka ng babaeng magpapanggap na nobya mo, siguraduhin mo ang dalawang bagay. Una, magaling umarte para hindi kayo mabuking. Second, kaya mong pakisamahan habambuhay kung sakaling magkagipitan at maikasal ka sa kanya sa harap ni Lolo! Huwag mong kalilimutang walang annulment record ang mga Javier!” litanya pa nito.

“Simulan mo nang maghanap, Ranz!” Si Fatima ulit sa background. Narinig niya ang sabay na pagtawa ng mag-asawa. Napaungol siya sa iritasyon.

“Who’s the lucky woman?” Ang babaeng napipisil ng lolo niyang pakasalan niya ang kanyang tinutukoy.

“Wrong. Unlucky, Ranz, kilala kita.”

“Whatever. Sino nga?”

“No one knows. Walang sinabi si Lolo. Sinubukan kong kumuha ng impormasyon sa iba nating pinsan, wala rin silang alam.”

“Shit!”

“Yes, do something or you’ll be in a real ‘shit’. You owe me one, Ranz. I warned you.”

“Damn!” Malakas na tawa nito ang huli niyang narinig bago ito nawala sa kabilang linya.

Napatulala na lamang siya sa kisame sa mahabang sandaling lumipas. At nang sa wakas may pangalan siyang naisip na solusyon ay kaagad niya itong tinawagan.

“O, Ranz, bakit?” Si Tina iyon, ang tanging babae niyang kaibigan na hindi niya naging meantime lover. Conservative kasi ito at kilala ang likaw ng bituka niya. Kaya hindi na niya sinubukang isali ito listahan niya.

“I heard you broke up with your man.”

“Yes, so what?” iritableng sagot nito.

“Will you be my fiancée for days?”

“What?” gulantang nitong bulalas.

“Kailangan ko ng false girlfriend, Tinz!”

“Shut up, Ranilo Javier!” At nawala na ito sa kabilang linya. Napamura siya. Muli niya itong tinawagan. “Ito ang gawin mo, Ranz, okay?” inis na turan ng babae nang tanggapin muli ang tawag niya. “Pumunta ka ng Batanes. ‘Wag kang magbarko o mag-eroplano, take a bus, okay? Sigurado pagdating mo ng Batanes ay matino na ‘yang isip mo!” Muli nitong pinatay ang tawag niya.

“It’s payback time, Ranz,” mapait niyang turan

sa sarili at ibinagsak muli ang katawan sa kama. Ito na marahil ang resulta ng pambababae niya—maikakasal siya sa babaeng pinili ng kanyang lolo.

Napaungol siya sa inis.

---

Tahimik na lumuluha si Kaye. Hatinggabi na noon at tahimik na ang lahat ng kasabayan niyang pasahero sa bus. She was heading to Legazpi City—in no particular place. Pictures lamang at address kung saan iyon matatagpuan ang dala niya.

Mula kay Warren ang mga larawang iyon na kinuha raw nito sa internet blog kung saan ang blogger ay nagpo-promote ng lugar. Hiningan niya kasi ng suggestion ang kaibigan kung saan siya maaaring magtungo. Ayaw niya sa abroad, halos napuntahan na niya ang mga kilalang scenery sa iba't ibang bansa. Ang gusto niya ay tahimik, iyong walang distraction, wala ang pressure ng siyudad—kaya itinuro nito sa kanya ang lugar na iyon.

Dahil gusto niyang subukan ang mga bagay na hindi pa niya nagagawa, imbis na mag-eroplano ay sumakay siya ng bus. At heto nga, halos apat na oras na siyang nasa biyahe. Siguro ay hatid ng katahimikan kaya napaiyak muli siya.

*Hay, Lolo, bakit mo nagawa sa akin ito?*

Nang makita niya sa isip ang nakangiting mukha ng abuelo ay napahikbi si Kaye. Despite what he had done, she missed the old man. At ngayon lamang tumitimo sa diwa niya ang katotohanang mag-isa na lamang siya at wala nang pamilya.

She sobbed helplessly.

“Are you all right, Miss?” Napapitlag siya sa tanong. Mula kaninang umupo siya sa bus ay hindi na niya inalis ang tingin sa labas ng bintana. Ni hindi na nga niya namalayang may naupo sa kanyang tabi. “Miss?” anang lalaki.

“Yeah... yeah...” mahina niyang sagot sa paos na tinig. Hindi siya bumaling dito, tinuyo niya lamang ang basang mukha at sinikap huwag lumikha ng tunog ang paghikbi niya.

“You’re not,” sabi nito. “Ang totoo, gusto kong matulog pero hindi ko magawa dahil kanina ka pa umiiyak.”

“Sorry...” aniya sa apologetic na tono. “Pasensya ka na. Mananahimik na ako.”

“Kailangan mo ba ng balikat?”

*Oh, badly...* sagot ng isip niya, pero nang

mag-sink in sa kanya ang tanong ay bigla siyang napabaling dito. Dahil patay na ang ilaw sa bus at tanging ang malamlam na ilaw na lamang malapit sa driver ang may sindi ay hindi niya malinaw na nakita ang mukha ng katabi, bulto lamang nito ang naaninag niya. Malaking lalaki ito base sa espasyong nakuha ng katawan nito sa upuan.

“Hindi ako masamang tao,” anito, nabosesan niyang tila nakangiti. “Safe ka sa balikat ko and... and I promise you, you’ll feel better.”

Hindi siya nakaimik. Ganoon ba kaingay ang pag-iyak niya para mag-offer ito ng yakap upang manahimik lamang siya? And why does she felt a certain urge to throw herself at him? Ganoon ba siya ka-vulnerable para naisin niyang magpayakap sa kung sinumang lalaking ito?

“Magkuwento ka, if you want to. Kahit hindi ko maiintindihan dahil hindi naman kita kilala, makikinig ako...”

There was something in his tone that warmed her heart. Nababaliw na yata si Kaye bunga ng kanyang mga alalahanin kaya kung ano-ano na ang nararamdaman niya.

“Do you mind?” masuyong saad nito at

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

naramdaman niya ang isang braso nitong umikot sa balikat niya at umakbay sa kanya.

Dapat ay tumanggi siya at dumistansya o kaya ay tawagin niya ang driver o ang sinuman sa mga kasabayan nila para humingi ng saklolo dahil tsinatsansingan siya nito pero hindi, wala siyang ginawa kahit ano. Hindi siya tumutol.

He pulled her closer, very gentle, na para bang binibigyan siya ng pagkakataong magprotesta at dumistansya, pero hindi pa rin siya umimik. “Okay, let Daddy hug you, Crying Lady.” Hindi niya magawang tumawa sa sinabi nito. Ganap na siyang niyakap ng estranghero. Her face rested on his solid but warm chest... and she felt good. And he smelled great! Soap and... and nothing, just clean...

Hindi na ito nagsalita. At ang braso nitong yumakap sa kanya ay nanatili lamang sa kung saan itong bahagi pumaikot. There was no sign of danger from him. Unti-unti siyang napanatag hanggang kusa na siyang kumilos upang sumiksik pa sa katawan nito.

“You can cry,” narinig niyang mahinang turan nito mayamaya, as if to encourage her to pour out the hard feelings. “At kapag napagod ka na, matulog ka na rin, tulog na ang lahat kaya matutulog na rin ako.”



## *One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

Hindi sumagot si Kaye, ipinikit lamang niya ang mga mata. Simula nang mamatay ang lolo niya, ngayon lang siya nakaramdam ng ganito sa isang yakap. Maraming yumakap at nakiramay sa kanya mula sa burol hanggang nitong mga huling araw, subalit walang yakap na naghatid sa kanya ng ganitong pakiramdam. It was the type of hug that said ‘there’s nothing to fear, you’re safe in my arms’.

Hindi na siya nag-isip at nag-analisa pa. Hinayaan na lamang niya ang sarili. Hindi ba ito ang dahilan kaya siya umalis ng Maynila? Ang magawa ang lahat ng hindi pa niya nagagawa, nang sa ganoon, kapag nagpakasal siya at naging unhappy ang married life niya, aalalahanin niya lamang ang dalawang linggo niyang escapade at magiging okay na siya. She would create happy memories... and she found one already—ang gabing ito sa mga bisig ng isang estrangherong yumakap sa kanya.

For some reason, her tears stopped flowing. And later on, nakaramdam na siya ng antok.

---

Isang tinig ang gumising sa diwa ni Kaye. May sinabi ang tinig na iyon, pero hindi niya naintindihan. Pagkatapos niyon, mga kaluskos at yabag ang naramdaman niya. Saglit siyang nakiramdam.

Nakahinto ang bus?

Unti-unti siyang nagmulat ng mga mata. Napaungol siya dahil sa pagkasilaw sa liwanag. Maliwanag na ang ilaw sa loob ng bus at nagsisibabaan ang ilang pasahero. Napakurap-kurap siya. Nasaan na ba sila?

Muling nagsalita ang tinig kanina—ang konduktor pala ng bus. At noon din lamang niya napagtanto kung nasaan siya—yakap-yakap pa rin siya ng katabi niya!

Bigla siyang dumistansya na naging dahilan ng bigla nitong pagkagising. Tulog na tulog din pala ito habang yakap siya samantalang siya naman ay payapang-payapa sa mga bisig nito buong gabi!

“What?” nabiglang tanong nito na animo ay may hold-up. At nagtama ang mga mata nila. Hindi niya napigilan ang pagsinghap habang titig na titig sa light brown nitong mga mata na animo ay tutunawin ang kahit anong titigan.

It was as if everything had stopped. And they were left in a place where everything was beautiful. At tanging pintig na lamang ng puso niya ang tunog na naririnig niya...

“Hi,” sabi nito na tila ba noon lamang naging

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

aware sa paligid at sa nangyari sa pagitan nila. Kitang-kita niya ang unti-unting pagguhit ng ngiti sa perpekto nitong mga labi. Napasinghap siyang muli at naramdaman niya ang pag-iinit ng pisngi. “Idedemanda mo ba ako?” he asked still smiling. Hindi pa rin siya nakasagot, sa halip ay napalunok.

*Now, Kaye, meet the king of the gorgeous Adams on earth...*

Mas lumawak ang ngiti nito nang makitang nakatulala pa rin siya. This man definitely knew how to use his charm!

Muling nagsalita ang konduktor. Noon lamang niya napagtantong nagmistula siyang tanga sa harapan ng katabi. And for heaven’s sake, hindi ito ang unang pagkakataong nakakita siya ng guwapo!

“A-ano daw ang sabi niya?” At inilipat niya sa konduktor ang tingin. *Goodness, Kaye, hindi siya ang unang guwapong nakita mo! Marami sila at sa iba-ibang bansa pa. Some even pursued you! Ano at nakatulala ka?*

“Kung gusto mo raw gumamit ng CR, bumaba ka at bumalik kaagad nang sa ganoon ay hindi ka maiwan ng bus,” tila na-a-amuse nitong paliwanag. Kung hindi siya nagkakamali, Bicol dialect ang gamit

ng konduktor.

“Bicolano ka?” tanong niya, iba ang hitsura nito sa mga kasabayan nila. Sa eroplano ay madalas niyang makasabay ang mga tulad nito—na kahit nakasuot lang ng jeans at polo, halatang hindi basta-basta.

“One-fourth,” tugon nitong nakangiti pa rin. “One fourth Spanish-American and half Filipino,”

“That makes you three-fourths Filipino. Nasa Luzon ang Bicol sa pagkakaalam ko,” sabi niya. His soft laugh echoed inside the bus. Napangiti na rin siya. Mas guwapo ito kapag tumatawa!

“Bababa muna ako,” anitong nakangiti pa rin.

“Alam mo ba kung saan ang CR? Puwede mo akong samahan?” aniyang naghanda na rin sa pagtayo.

“Bawal,” ngiti nito. “Bawal ako sa female comfort room!” Natawa si Kaye at kamuntik na niya itong mahampas. Naalala niya si Warren na malaking tulong ang sense of humor kapag wala siya sa mood.

“Tara na,” yaya nito at nauna nang naglakad sa aisle upang bumaba sa bus. Sumunod siya.

Inihatid muna siya nito sa dulo ng mga pasaherong

nakapila para gumamit ng banyo bago siya iniwan. Pagkalipas ng ilang minuto, nasa tabi na niya itong muli at may anim pa silang nasa labas ng CR.

“May coins ka ba?” tanong nito sa mahinang boses.

“Ha?” aniyang kumunot ang noo.

“Three pesos.”

“Wala, eh.” Kinapa niya ang bulsa. “Hundred pesos lang ang pinakamaliit kong bills, why?”

Sa halip na sumagot ay hinawakan nito ang isang kamay niya at inilagay sa kanyang palad ang limang piso. Umawang ang mga labi niya para magtanong pero naunahan na siya nito.

“Hindi tinatanggap ang hundred peso bill sa loob, tatlong piso lang.”

Walang maintindihang tumango-tango siya.

“Bayad sa paggamit ng banyo, Miss,” anang kasunod niya. Napansin yatang nagtataka siya.

“Ah...” ang tanging nasabi niya. *Salamat sa 'yo, Lolo! Kung hindi sa addendum ninyo, hindi sana ako nagmumukhang tanga sa dulo ng pilang ito, naisip niya nang sa wakas ay dalawa na lamang silang nasa*

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

labas ng CR.

“Hihintayin kita d’on,” anang lalaking kasama niya. Malapit sa food stand ang tinutukoy nito.

“Okay.” Ngumiti siya ng pasasalamat rito.

### 3

“In thirty minutes, nasa Legazpi na tayo.” Mula sa pagkakatanaw sa labas ng bintana ay bumaling si Kaye sa lalaking katabi niya nang magsalita ito. “Saan ka sa Legazpi?”

“Anywhere,” tugon niya at tipid na ngumiti.

“Anywhere?” susog nito. “Sa pagkakaalam ko walang lugar na ganoon.” Ngumiti lamang siya, hindi niya gustong magbigay ng anumang detalye sa lakad niyang ito. “Tourist?” Marahang tango lang ang sagot niya. “So, *Cagsawa Ruins* and *Mayon Volcano* ang una sa listahan mo?”

“Sana. Pero nagbago ang isip ko, eh. Pagdating sa bus terminal sa Legazpi, sasakay pa rin ba ako ng bus papuntang Sorsogon?”

Naisip niyang unahin muna sa places of interest ang beach na pupuntahan sa binanggit niyang probinsya. Saka na siya babalik sa Legazpi tatal sa susunod na araw pa ang sinasabing event ni Warren sa isa sa mga baranggay na target niyang suyurin doon.

“Saan sa Sorsogon?”

Inabot niya ang bag at kinuha ang isa sa maraming larawan na nagsisilbing guide niya sa biyaheng ito. “Sa beach na iyan,” aniya at inabot dito ang litrato.

Hindi nakaligtas sa paningin niya ang pag-awang ng mga labi nito. At nang ibalik nito sa kanya ang tingin, bakas na bakas sa mukha nito ang pagkagulat.

“Where did you get this?” walang kakurap-kurap na tanong nito na para bang isang krimen ang pagdadala sa litratong iyon.

“W-why?” nagtatakang balik niya. Inulit nito ang tanong, lalong lumalim ang titig sa kanya. Nagsasalubong ang mga kilay ni Kaye nang sumagot, “Internet blog. The blogger is promoting the beautiful places in Bicol.” Iyon ang sinabi sa kanya ni Warren. Online friend daw nito ang blogger na iyon.

“At kasama ang resort na ito?”

“Yeah.”

Sa halip na sumagot ay hinagod nito ng tingin ang mukha niya at tila may nais sabihin. “Do you remember the name of the blogger?”

Ano nga ba ang pangalang sinabi sa kanya ni Warren? “T-Tim—no, Timmy.... the name is Timmy.”

Napamura ito nang mahina pero mariin. May



kung ilang minuto itong tila hindi mapakali at may kinakapa sa bulsa, cellphone marahil. Pagkatapos ay narinig niyang pabulong muli itong napamura nang hindi makuha ang hinahanap. Pinigil niya ang sariling magtanong.

Ilang segundo itong nanahimik bago siya binalingang muli. “Sa pagkakaalam ko, private resort ang pupuntahan mo. Hindi ‘yan open for individuals sa ganitong season—only during summer. For events like wedding, birthdays and reunions, it can be rented pero overnight lang.”

“Ganoon ba?” Hindi niya naikubli ang panghihinayang sa tono. Bawas na ang isang araw niyang ilalagi sa resort sa listahan niya ng gagawin. “Sayang naman, gusto ko sanang magbakasyon sa beach na ‘yan kahit isang araw lang. Two weeks lang ako rito... and after that... after that....”

*I’ll marry a stranger. And my life life would be miserable...* Bumuntong-hininga na lamang siya at malungkot na tumingin sa labas ng bintana.

“I can help you,” narinig niyang sabi ng katabi niya. Hindi niya alam kung bakit naisip nitong sabihin iyon. Napabaling siya rito, nakaawang ang mga labi. “Sasamahan kita sa resort, kilala ko ang may-ari.”

Kaagad nagliwanag ang mukha niya at wala sa sariling napayakap siya rito. “Thanks! Oh, thanks!”

“Okay,” anito. “Nakakarami ka na. Kagabi mo pa ako niyayakap,” magaan nitong saad.

Ang implikasyon ng sinabi nito ang naging dahilan para matigilan siya habang nakayapos dito. Unti-unti siyang nag-angat ng tingin sa mukha nito at huling-huli ni Kaye ang nanunuksong ngiti nito. Napahiyang bigla siyang bumitaw. “Sorry, natuwa lang ako,” aniyang nakangiwi.

“Ang totoo, masarap kang yakapin.” Bumalik ang mga mata niya sa mukha nito. Masuyo na ang tingin nito, wala nang bahid ng panunukso. Napangiti na rin siya.

“Ikaw rin naman, nahimbing ako kagabi. Salamat pala.”

“Walang problema.”

Naghinang pa nang ilang segundo ang mga mata nila pagkatapos ay sabay rin nilang inilayo ang paningin sa isa’t isa. At sabay rin ang muli nilang pagbaling at pagtatanong ng kani-kanyang pangalan.

“Okay, ikaw muna. Name mo?”

“Kaye. It’s actually Diamond Kaye. Ayokong

tinatawag na ‘Diamond’, just call me Kaye.”

“Natural-born Manileña?”

“Yes. But I spent most of my childhood in Mindoro.” *Sa islang mawawala sa akin kapag hindi ako nagpakasal...*

Sa naisip ay lalo lamang siyang nalungkot. Namasa ang mga mata niya, kaya nang mapansin niyang nakatitig ang lalaki sa kanya ay kaagad niyang inilayo ang tingin. Tama na ang pag-iyak niya na na-witness nito nang nagdaang kagabi.

“I’m Ranz...”

---

Habang nasa payphone si Ranz at kausap ang katiwala sa resort ay paminsan-minsan niyang sinusulyapan ang babaeng nakilala niya sa bus. Ngayon ay gusto niyang pagsisihan kung bakit iniwan niya ang nakapatay niyang cellphone sa bahay niya. Ginawa niya iyon dahil ayaw niya ng kausap—lalo na ang mga babaeng walang tigil ang pagtawag sa kanya. Mula nang gabing dumalo siya sa high school reunion ng batch niya ay tinabangan na siya sa mga iyon.

*Geez!* Kung dala niya sana ang cellphone ay

kanina pa siya nakatawag sa bahay ni Ian at nakausap si Fatima. Ito lang naman ang kilala niyang Timmy na may nalalaman tungkol sa resort niya.

Hindi bale, pupunta rin ang pamilya ni Ian sa reunion at magkikita sila ng babae. Pagbabayaran niya ito sa ginawang pagkakalat ng pictures ng kanyang resort sa internet!

*You'll punish her with a kiss, Ranz? Napaungol siya nang makita niya ang magagandang labi ni Fatima sa isip. She's Ian's wife, Ranz, don't forget that! Hanggang ngayon ba naman buhay pa rin ang attraction na 'yan sa dibdib mo?*

Napahugot siya ng hininga at bumalik ang mga mata niya kay Kaye eksaktong tinanggap ng katiwala ang tawag niya.

Ano ang gagawin ng babaeng ito sa resort?

The place was his secret sanctuary. Binubuksan niya lamang ito sa publiko tuwing summer at ang kinikita ay ibinibigay niya sa katiwala at sa foundation ng korporasyon. Pamilya at malalapit na kaibigan lamang ang pinapayagan niyang gumamit sa lugar para sa mahahalagang okasyon. Pero ngayon, heto, may isang magandang estranghera na manghihimasok sa tahimik niyang pugad.

Wala siyang balak patuluyuin ito sa lugar nang magtanong sa kanya kanina, pero sa kalungkutang nabasa niya sa namamasa nitong mga mata ay biglang nagbago ang isip niya. Gusto niya sanang itanong kung ano ang ibig nitong sabihin na dalawang linggo lamang itong mananatili ng Bicol at pagkatapos ay—oh, heavens, hindi man niya nais mag-isip ng masama ay iba ang pumasok sa utak niyang karugtong ng pinutol nitong pangungusap—lalo na nang maalala niya kung paano itong umiyak nang gabing iyon sa bus... at kung paano itong nagsumiksik sa katawan niya upang marahil ay makaramdam ng comfort.

Was she dying? Dalawang linggo na lang ba ang buhay nito kaya ito naglilwaliw sa huling mga sandaling ilalagi sa mundo? Iyon ba ang dahilan ng pag-iyak nito na parang wala nang bukas? Pero mukha naman itong healthy. Ang balat ay pinkish at glowing, kumikinang pa sa kinis ngayong bahagyang tinatamaan ng sinag ng araw. Ganito ba ang skin ng isang mamamatay na?

And she was beautiful... no, heavenly... and would she die soon?

Muling napamura si Ranz na narinig pa yata ng katiwala niya sa resort kaya nagtanong kung nagagalit siya. Maagap naman siyang nakapagpaliwanag.

“Linisin ang kuwarto ko at ang isa sa mga guest rooms, Manoy. Mamalengke na rin kayo, isang araw ho ako diyan at ang kasama ko. Alam n’yo na kung ano ang pagkaing ihahanda.” Tinapos niya na ang tawag pagkatapos ng ilan pang mga bilin.

Sumunod niyang tinawagan ang pinakamalapit na rent-a-car service. Ten minutes later, nasa main highway na sila patungong Sorsogon.

“Puwede kang matulog,” ani Ranz sa dalaga. Ngumiti lamang ito at ibinalik sa labas ng bintana ang tingin na para bang nanghihinayang kung hindi nito mapagmamasdan ang paligid. “Kaye?”

“Hmm?”

“Magtatanong ako. Puwede mong sagutin, puwede rin na hindi.”

“Sure.”

“Bakit ka umiiyak kagabi?” Hindi nakaligtas sa paningin niyang natigilan ito. Dalawang beses pa itong huminga nang malalim bago sumagot ng hindi siya nililingon.

“Let’s just say, I’m dying...” Nakita rin niya ang mapait nitong pagngiti. “At two weeks na lang ang taning ko para magawa ang mga gusto kong gawin.”

“Are you?”

Bumaling ito sa kanya, malungkot ang mga mata pero pinilit ngumiti. “Dying? No. Iba ang ibig kong sabihin.”

Hindi niya alam kung bakit tila siya nabunutan ng tinik sa sinabi nito. Ano ba ang pakialam niya kung mamamatay na ang babaeng ito bukas? May sarili rin siyang problema na dapat niyang harapin.

He cursed silently. Oo nga pala. Ang nakatakdang kasal niya na dahilan kung bakit sa halip na mag-eroplano ay nag-bus siya. Gusto niyang mapag-isa at mag-isip, magplano kung paano niya lulusutan ang problema na hindi niya masasaktan si Lolo Alfonse kung sakali.

Hindi siya nagdala ng kotse dahil baka maaksidente lamang siya sa daan bunga ng tuliro niyang utak. Salamat kay Tina na pinagbu-bus siya patungong Batanes, naisipan niyang mag-bus patungong Legazpi para makapag-isip siya ng mahabang oras.

Pero ano nga ba ang nabuo niyang plano? Wala, dahil sa buong oras ng biyahe ay nasa babaeng ito na ang atensyon niya. Pagsakay pa lamang ni Ranz sa bus ay napansin na niya ito, nakatitig sa kawalan at mistulang wala sa sarili. Sa tabi nito ang

numero ng upuan sa reservation ticket niya. Sa loob ng mahabang biyahe ay hindi niya nakitang inalis nito ang mga mata sa bintana. At habang ang lahat ng pasahero ay tumatawa sa pelikulang palabas sa telebisyon ng bus, nangingilid naman ang luha nito. Tahimik itong umiiyak na para bang napakabigat ng dinadalang problema.

Pinigil niya ang sariling hawakan ito at yakapin. Malamang kung ginawa niya iyon, nasindak ito at nagkaroon ng komosyon sa bus. Isa pa, hindi siya nito kilala, kaya hinayaan na lamang niya ito.

Pero nang hatinggabi na at tulog na ang mga kapwa pasahero, hindi na kinayang pakinggan ni Ranz ang mga pigil nitong hikbi. It was pure torture—hindi niya talaga gustong makakita ng babaeng umiiyak.

Kaya nagpasya siyang kausapin na ito. And he felt glad that Kaye trusted him, trusted him enough that she fell asleep in his arms. Habang pinagmamasdan niya ito nang lihim sa repleksyon nilang dalawa sa salaming bintana ng bus habang tinatanglawan sila ng malamlam na liwanag ng ilaw, ay may kung anong damdamin siyang naramdaman sa dibdib.

It was an unfamiliar beat—sa maraming pagkakataong may babaeng natulog sa mga bisig



niya, nang nakaraang gabi lamang siya nakaramdam ng ganoong pintig. And it felt wonderful.

“Ranz?”

“Yeah... what?” nabiglang baling niya kay Kaye.

“Ang lalim ng iniisip mo,” pansin nito. “Kanina pa kita tinatawag, may tinatanong si Manong.” Ang driver ang tinutukoy nito.

Bumaling siya sa driver. Tinatanong pala nito kung saan sila pupunta sa Sorsogon. Sinabi niya ang lugar at ang pangalan ng resort niya.

“Gusto mo bang kumain o sa resort na lang?”

Umiling ito. “Salamat, pero ayokong kumain,” walang buhay nitong sagot.

“Kailan ka huling kumain?”

“Ng full meal? Hindi ko matandaan...”

“Inuunti-unti mo ba ang pagpapakamatay?”

“Naisip ko na ‘yan, pero hindi puwede. Lalong magkakagulo kapag nag-suicide ako.”

“Thank God!”

“Yeah, I thank Him too, sa kabila ng lahat,” pabuntong-hiningang dugtong nito.

## Katahimikan

“Sa resort, hindi ako papayag na hindi ka kakain.”  
Nagtatakang napabaling ito sa kanya.

“Ano’ng ibig mong sabihin? Hindi ba ihahatid mo lang ako?”

“Ako ang gate pass mo. Hindi ka papapasukin kung wala ako,” katuwiran niya.

“Kausapin mo na lang ang may-ari, ‘tapos kapag pumayag na, puwede mo na akong iwan. Masyado na kitang naaabala, nakakahiya na.”

“Hindi ko na kailangang gawin iyan. Ang totoo niyan, may room at pagkain nang naghihintay sa ‘yo roon.”

“Natawagan mo na pala, bakit mo pa ako hinatid?”

“Yeah, natawagan ko na ang tao ko.”

“Tao mo?” ulit ng dalaga.

“I own the place,” kaswal niyang turan na nagpasinghap dito. Namilog ang mga mata ni Kaye sa gulat habang nakatitig sa kanya, hindi makapaniwala. At lalo na itong naging maganda sa paningin niya nang mga sandaling iyon!

*One Fateful Ride - Aira Felicity*

---

He gave her his killer smile. “Yeah, Kaye, so, I welcome you to my sanctuary. Alam mo bang ikaw ang tanging babaeng iuuwi ko r’on?” Isang munting kindat ang ibinigay niya rito.

Muli itong napasinghap. Natawa na siya.